

Alamin ang Katotohanan Tungkol sa Diyos

Basahin ang Roma 10:13-15. Natututong tumawag sa pangalan ni Jehova ang mga tao kapag ipinangangaral sa kanila ng mga Kristiyano ang mabuting balita. Sa home page ng jw.org/tl, alamin kung paano ipinangangaral ng milyun-milyon ang “mabuting balita ng mabubuting bagay.” Bilang pamilya, tingnan ang bawat larawan sa itaas ng home page. Hulaan kung aling lupain ang ipinakikita at kung nasaan ito sa mapa. Pagkatapos, i-click ang “BUKSAN” para makita kung tama ang sagot ninyo at malaman ang bilang ng mga Saksi ni Jehova na nagtuturo ng Bibliya sa lupaing iyon. Markahan sa mapa kung nasaan ang mga bansang tiningnan ninyo. Pagkatapos, markahan kung saang bansa kayo nakatira.

► **SUBUKAN NAMAN ITO:** Pumili ng isang lupaing makikita sa home page ng jw.org/tl. Gamit ang mga research tool, alamin ang mga wikang ginagamit sa bansang iyon. Pagkatapos, sa tab na “Publikasyon” sa jw.org/tl, hanapin ang isa sa mga wikang iyon, piliin iyon, at i-click ang “Maghanap.” Kung may gayong wika, mag-download ng isang publikasyon at isang audio recording para makita at marinig ang wikang iyon.

